IPASKIL SA NAKIKITANG PUWESTO SA ANUMANG LUGAR NG TRABAHO. ANG LUMABAG AY MAGBABAYAD NG MULTA.

OPISYAL NA ABISO

Los Angeles Minimum Wages

Takdang Epektibong Bayad Hulyo 1, 2020

$14.25 KADA ORAS

May-ari ng negosyo na may 25 o mas kaunting Empleyado

$15.00 KADA ORAS

May-ari ng negosyo na may 26 o higit pang mga Empleyado

Lahat ng may-ari ng negosyo ay kinakailangan na magbayad sa kanilang mga Empleyado ng bagong pinaka-mababang pasahod (minimum wage) ayon sa Los Angeles Minimum Wage Ordinance. Ang minimum wage ay isasaayos sa bawat taon ayon sa Los Angeles Minimum Wage Ordinance Section 187.02. May ilang mga eksepsiyon at pagpaliban ang ipahihintulot.

Petsa na Epektibo:	May-ari ng negosyo na may 26 o higit pang mga Empleyado:	May-ari ng negosyo na may 25 o mas kaunting Empleyado o hindi pangkalakal na korporasyon na may 26 o higit pang mga Empleyado na may pahintulot na ibayad ang pinagpaliban na halaga:
7/1/2017	$12.00	$10.50
7/1/2018	$13.25	$12.00
7/1/2019	$14.25	$13.25
7/1/2020	**$15.00**	**$14.25**
7/1/2021	$15.00	$15.00

Ang Los Angeles Wage Enforcement Division Ordinance ang nag-gawad ng karapatan sa Bureau of Contract Administration, Office of Wage Standards upang maglitis ng mga possibleng paglabag, inspeksyunin ang lugar ng trabaho, interbyuhin ang mga empleayado, at suriin ang mga dokumento ng kabayaran. Ang Office of Wage Standards and magpapatupad ng Los Angeles Mininum Wage Ordinance sa pamamagitan ng paglabas ng Notices of Determination ukol sa anumang paglabag gaya ng pagkabigong pagbayad ng Los Angeles minimum wage, pagkabigong sumunod sa paunawa, babala, talaan ng suweldo, pangangailangan at paghihiganti. Ang Los Angeles Wage Enforcement Division Ordinance Section 188.04 ang magtatanggol sa mga empleyado sa anumang diskriminasyon at paghihiganti dala nang kanilang paghingi ng City's minimum wage.

Bayad na Sick Leave ng Los Angeles

May-bisa simula Hulyo 1, 2017

Lahat ng mga Employer, maliban sa mga Employer na may 25 o mas kaunting Empleyado, ay uutusang magkaloob ng bayad na sick leave (pagliban sa trabaho dahil sa sakit) ayon sa Los Angeles Minimum Wage Ordinance. Ang bayad na sick leave ay ipagkakaloob sa lahat ng mga Empleyadong nagtatrabaho nang hindi kukulangin sa dalawang oras sa isang partikular na linggo sa Lungsod ng Los Angeles para sa parehong Employer nang 30 araw o mahigit pa sa loob ng isang taon. Ang mga Employer na may 25 o mas kaunting Empleyado ay magsisimulang magkaloob ng mga benepisyo ng sick leave sa Hulyo 1, 2017.

Karapat-dapat na Matanggap	
Kinakarga sa Unahan (Front-Loading)	Hindi kukulangin sa 48 oras na ipinagkakaloob sa simula ng alinman sa tatlo, bawat taon ng empleyo, taon ayon sa kalendaryo, o 12 buwang takdang panahon; O -
Naiipon (Accrual)	Isang oras ng bayad na sick leave para sa bawat 30 oras na trinabaho.
May Takda na 72 Oras (72-Hour Cap)	Ang naipong hindi nagamit na bayad na sick leave ay mailipat sa susunod na taon ng empleyo at dapat takdaan sa minimum na 72 oras; gayonpaman, maaaring piliin ng isang Employer ang walang takda o mas mataas na takda.
Pag-alis sa Empleyo (Separation from Employment)	Hindi inuutos sa Employer ang magbigay ng kabayaran sa isang Empleyado para sa naipon o hindi nagamit na sick days sa panahon ng pag-alis sa empleyo.
Pagbalik sa Empleyo (Reinstatement)	Kapag ang isang Empleyado ay kinuhang muli na magtrabaho sa loob ng isang taon mula sa pag-alis sa empleyo, ang dating naipon at hindi nagamit na bayad na sick leave ay ibabalik.

Paggamit	
Kailan	Maaaring gamitin ng isang Empleyado ang bayad na sick leave simula sa ika-90 araw ng empleyo.
Paano	Dapat ipagkaloob ng Employer ang bayad na sick leave sa panahong magbigay ng berbal o nakasulat na kahilingan ang isang Empleyado para sa sarili o para sa isang miyembro ng pamilya, o para sa sinumang kamag-anak dahil sa dugo o kasal. Ang kwalipikadong paggamit ng oras ay matatagpuan sa LAMC Section 187.04(G).
	Maaaring ilimita sa 48 oras taun-taon ang paggamit ng bayad na sick leave.

Pinangangalagaan ng Los Angeles Municipal Code Section 187.06 ang mga Empleado mula sa anumang diskriminasyon o paghihiganti dahil sa paggamit ng kanilang mga karapatan na tumanggap ng bayad na sick leave ng Lungsod.

Para sa karagdagang kaalaman, mangyaring makipag-ugnay sa Office of Wage Standards sa 1-844-WAGESLA(924-3752) o sa email wagesla@lacity.org o tingnan ang http://wagesla.lacity.org/.

Bilang entidad na sakop ng Titulo II ng Batas Ukol sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (Title II of the Americans with Disabilities Act), hindi kumikiling ang Lungsod ng Los Angeles batay sa kapansanan at, sa oras na may humiling, ay magkakaloob ng makatwirang tulong para matiyak ang pantay na access sa mga programa, mga serbisyo, at mga gawain nito.